# Lubos Ko Siyang Kinalulugdan

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Mayo 7, 2022

Nalulugod ang Diyos sa ating pagiging masunurin (Awit 4). Kung pinipili ang sinusunod, hindi ito tunay na pagsunod. Ang totoong pagsunod ay ginagawa ang Kanyang sinasabi hanggang ito'y matapos. Ibig sabihin ito'y pagsuko sa Kanyang kalooban at kapangyarihan (1Sam.15). Atin Siyang luwalhatiin sa pamamagitan ng ating pagsunod.

**1. Sino ang nagpakita ng pagsunod sa kabila ng kanilang pasubali?**

1.1. Isinantabi ni Abraham ang kanyang takot (Heb.11:8-9). Sumunod siya kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta.

1.1.1. Madalas, may pinagagagawa ang Diyos sa atin na hindi natin lubos nauunawaan. Huwag tayong mabahala kahit may mga pagsubok.

1.1.2.Magtiwala tayo sa Diyos. Dapat maging panatag tayo na kung isinara ng Diyos ang bintana, bubuksan Niya ang pintuan. Nagiging mukha tayong bata kapag payapa ang ating kalooban at may galak sa puso.

1.2. Sinabi kay San Juan Bautista na bibinyagan niya si Hesus. Mabilis siyang tumutol; inisip niyang kailangan siya ang binyagan ni Hesus. Subalit pagkatapos mabinyagan si Hesus, bumaba sa Kanya ang banal na Espiritu at Siya'y naging masunurin hanggang kamatayan.

1.2.1. Minsan tinitignan natin kung ano ang wala tayo, sa halip na kung ano ang mayroon tayo. Ano ang ginagawa natin sa mga regalong natatanggap natin?

1.2.2. Kailangan nating pagsisihan at talikdan ang ating mga kasalan at magpabautismo (Mga Gawa 2:38).

**2. Bakit nga ba mahirap sumunod?**

2.1. Kulang tayo sa pananalig (Fil.4:13). Kapag tayo ay tumututol, hindi tayo nakakatulong sa kaharian ng Diyos. Kapag tayo ay umaasa sa Salita ng Diyos at sa Kanyang karunungan, walang imposible.

2.2. Ang magnanakaw, si satanas, ay hindi magbibigay ng babala. Sisirain niya tayo sa pamamagitan ng ating pagsuway dahil ang kasalanan ang naghihiwalay sa atin sa Diyos.

**3. Ang pagsunod na nakasentro sa Diyos ay nagpapatibay sa ating pananalig at nagdadala ng mga biyaya.**

3.1. Makinig tayo sa tunay na tinig ng Diyos (Jn.10). Nais Niyang magkaroon tayo ng relasyon sa Kanya.

3.2. Ang ating pagmamahal sa Kanya at pagsunod ay magka-ugnay (Santiago 1:2-3). Kung ang pag-ibig natin ay tunay, ang pokus natin ay matatag.

3.3. Alam Niya kung ano ang nararapat sa atin (Jn15). Makinig tayo sa Kanya at kumilos agad-agad. Ang pagsunod natin ay madalas natatabunan dahil nagiging alipin tayo ng kasalanan. Kapag narinig natin ang salita ng Diyos, dapat mabilis tayong kumilos para maranasan ang Kanyang mga pagpapala.

3.4. Mahirap kung ibinababa ka ng Diyos, ngunit si Abraham at ang kanyang angkan ay lubos na pinagpala (Gen.22:18).

3.4.1. Nakararanas ng malaking karangalan ang mga magulang kapag ang kanilang mga anak ay masunurin (Kawikaan 23:15). Makatatanggap din ng mga pagpapala ang mga anak.

3.5. Si Inang Maria ang tunay na halimbawa ng pagsunod. Ang mga masunurin at tapat ay may kagalakan at kapayapaan sa kanilang kalooban (Jn.14:26-27).

3.6. Ang pagsunod ni Pedro na ihagis ang kanyang lambat ay nagkaroon ng masaganang pagpapala.

**Konklusyon:**

Ang buhay na may pagsunod ang tanging daan para mabuhay nang tunay. Ang mga masunurin at matapat sa maliliit na bagay ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan (Mateo 19:26-27).

**Pagninilay:**

1. Ano ang hinihingi ng Diyos sa iyo? May bahagi ba sa iyong buhay ang nagkakaroon ka ng pakikibaka sa mga gawain ng Diyos?
2. Patuloy ba Siyang nagpapakita ng tiyak na eksena sa Bibliya nang paulit-ulit?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pagsunod